REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

# CITY OF MUNTINLUPA

## OFFICE OF THE CITY ATTORNEY

**PARA KAY** : **Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
**Punonglungsod**

**MULA KAY** : **Mggl. JOVITO M. SALVADOR**

**PETSA** : **IKA-27 NG AGOSTO, 1998**

**PAKSA** : **KAHILINGANG LIGAL OPINYON PARA SA KALAKIP NA KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 98-002.**

---

**Magalang ko pong inirerekomenda ang pagpapatibay ng KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 98-002. - "Kautusan na nagsususog sa Kautusang Panlungsod Blg. 96-66 na nagtatakda ng bilang ng awtorisadong yunit ng traysikel na papasada sa bawat sona/ruta ng iba't-ibang Brgy. sa Lungsodd ng Muntinlupa."**

**Ligal Opinyon : PAGTIBAYIN**

**Para po sa inyong kabatiran at pagsang-ayon.**

**Mggl. JOVITO M. SALVADOR**
**Panlungsod na Manananggol**

NECITO M. GUICO
KALIHIM SANGGUNIANG PANGLUNGSOD
RECEIVED
DATE: 8/31/98
BY :

**UNANG PAGLILIPAT**
**27 AGOSTO 1998**

**Magalang po naming inililipat sa Tanggapan ng Pangalawang Punonglungsod at Tagapangulo ng Sangguniang Panlungsod, G. Vicente Y. Chua ang kalakip na Kapasiyahang Panlungsod Blg. 98-002.**

**Para po sa inyong tanging pansin.**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
**Punonglungsod**

Bulwagang Panglungsod, National Road, Putatan, 1772 Lungsod ng Muntinlupa
Tel. (632) 842-2921 • Fax (632) 842-5316 • E-mail : toting @ mnl.sequel.net

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

25 AGOSTO 1998

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Punonglungsod
Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa

SA PAMAMAGITAN NI: MGGL. JOVITO M. SALVADOR
Panglungsod na Manananggol
At Katulong Teknikal sa
Kaalamang Publiko

Mahal na Punonglungsod:

Mapitagang inililipat ang pinatibayang kopya ng Kapasiyahang Panlungsod Bilang 98-002 na ginawa ng Sangguniang Panlungsod noong 10 Agosto 1998 sa ginanap na ika-anim (6th) na Regular na Sesyon na nagsasaad ng sumusunod:

"KAUTUSAN NA NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 96-66 NA NAGTATAKDA NG BILANG NG AWTORISADONG YUNIT NG TRAYSIKEL NA PAPASADA SA BAWAT SONA/RUTA NG IBA'T-IBANG BARANGAY SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA."

Para po sa inyong pagpapatibay.

Lubos na sumasainyo,

NECITO M. GUICO gr
Kalihim
SANGGUNIANG PANGLUNGSOD

norie/ref/

Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 98-002**

**KAUTUSAN NA NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 96-66 NA NAGTATAKDA NG BILANG NG AWTORISADONG YUNIT NG TRAYSIKEL NA PAPASADA SA BAWAT SONA/RUTA NG IBA'T-IBANG BARANGAY SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

* * * * * * * * * * * * *

Nagpanukala: **Kon. Lucio B. Constantino**

* * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing programa ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay magkaroon ng maayos na pamamahala sa mga pumapasadang traysikel na may motor sa iba't ibang Barangay na nasasakop ng lungsod;

**SAPAGKAT,** upang magkaroon ng maayos at epektibong pamamahala sa operasyon ng bumibiyaheng traysikel, ang Pamahalaang Lungsod ay ipinasa ang Kautusang Panlungsod Blg. 96-66;

**SAPAGKAT,** batay sa Kautusang Panlungsod Bilang 96-66, lalo na ang Seksiyon 9.1 hanggang 9.1.7, itinatadhana ang pagkakaloob sa bawat barangay ng kanya-kanyang sona/ruta ng traysikel na makakapagpasada;

**SAPAGKAT,** sa iba't – ibang sona na itinalaga sa bawat barangay, ang bilang ng mga awtorisadong yunit na maaaring makapasada ay hindi naitakda;

**SAPAGKAT,** ang pagtatakda ng bilang ng nasabing awtorisadong yunit ay kailangang-kailangan upang maiwasan ang pagsisikip ng trapiko at maiwasan din ang pagliit ng kita ng mga nagmamay-ari at /o namamasada;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagtibay ng *Sangguniang Panlungsod* ng Muntinlupa ang sumusunod:

Seksiyon 1. Pagtatakda ng karagdagang Seksiyon na nagtatadhana ng sumusunod:

> "Seksiyon 9. **PAGTATAKDA NG SONA AT RUTA."** - Ang mga sona at ruta ng mga bumibiyaheng traysikel ay itinatakda."

Seksiyon 2. Ang seksiyon 9.1 hanggang Seksiyon 9.1.7 ay binabago at dinaragdagan ayon sa sumusunod:

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



"Seksiyon 9.1 Ang mga sona/ruta at awtorisadong yunit ng traysikel ay sasailalim sa pagpapatibay ng Sangguniang Panlungsod matapos ang rekomendasyon ng MTFRB. Ang mga sumusunod na mga sona/ruta at awtorisadong yunit ay itinatalaga bilang patotoo:"

| BARANGAY | SONA/RUTA | AWTORISADONG YUNIT |
|---|---|---|
| 9.1.1. Alabang | AlabangProper-Cupang<br>Filinvest Housing<br>Rizal Village<br>San Jose Village | 1,100<br>50<br>50<br>25 |
| 9.1.2. Ayala Alabang | Ayala Alabang | 50 |
| 9.1.3. Bayanan | Bayanan Proper<br>Pleasant Village | 250<br>100 |
| 9.1.4. Cupang | Alabang Hills Village | 60 |
| 9.1.5. Poblacion | Poblacion Proper Rizal Street<br>Poblacion Proper Quezon Street<br>NBP Reservation-Camella IV Katarungan | 350<br>200<br>536 |
| 9.1.6. Putatan | Bruger-San Guillermo<br>Soldier's Hills-Camella II Mutual Homes I & II<br>Lakeview-Camella I South Greenheights-La Charina South Superville<br>Summitville<br>Country Homes | 150<br>500<br>250<br>95<br>65 |

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 • 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



| | | |
|---|---|---|
| 9.1.7. Tunasan | Tunasan Proper-<br>Villa Carolina II<br>Park Homes<br>Villa Carolina I | <br>210<br>65<br>40 |
| 9.1.8. Sucat | Sucat Proper-Buli-<br>D.J. Bayview<br>Doña Rosario Heights | <br><br>150 |

**PINAGTIBAY,** ng *Sangguniang Panlungsod* ngayong **10 Agosto 1998** sa ginanap na **Ikalimang (5th) Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**KGG. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**KGG.REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**KGG. BAL NIEFES**
*Konsehal*

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**KGG. NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
*Konsehal*

**KGG. MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod



**HINDI SANG-AYON:**

**KGG. ARTEMIO SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punong Barangay*

**DI-LUMAHOK:**

**KGG. ELMER A. ESPELETA**
*Konsehal*

**LIBAN:**

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang Panlungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 8-30-98

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196